


9

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Mga Konsepto at mga Salik na Nakaaapekto sa *Demand*



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 1: Mga Konsepto at mga Salik na Nakaaapekto ng Demand  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sandra N. Balangay, Amparo B. Lauranilla, Jubeth P. Maata

**Editor:** Serapion P. Cabatingan, Jr., Nelson S. Lasagas

**Tagasuri:** Ramel P. Cael

**Tagaguhit:** Jomar Richa

**Tagalapat:** Pepe M. Tabanao, Jr., Sharon Rose S. Boguen

**Tagapamahala:** Ruth I. Fuentes

Pedro Melchor M. Natividad

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Danny A. Cordova

Ma. Diosa Z. Peralta

Ma. Madelene P. Mituda

Alelen Zinnia A. Pancho

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Araling Panlipunan**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 1:**

### **Mga Konsepto at mga Salik na Nakaaapekto sa *Demand***

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Sa araling ito, bilang mag-aaral inasahang matutunan mo ang sumusunod na mga layunin:


Pangkalahatan

- Natatalakay ang konsepto at salik na nakaaapekto sa *demand* sa pang-araw-araw na pamumuhay (Apan9, Q2, W1-2)

Tiyak

- Nailalapat ang konsepto ng *demand* sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa *demand*

Sa modyul na ito, malalaman mo naman kung paano mailalapat ang konseptio ng *demand* sa pang-araw-araw na pamumuhay at ang mga salik na nakakaapekto sa *demand*.



## Subukin

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

- Alin sa mga sumusunod ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon?
  - alokasyon
  - demand*
  - pagkonsumo
  - supply*
- Anong konsepto ng *demand* na nagpapakita ng matematikong ugnayan ng presyo at *quantity demanded*?
  - demand curve*
  - demand function*
  - demand slide*
  - demand schedule*
- Ito ay grapikong paglalarawan ng magkasalungat na ugnayan ng presyo at *quantity demanded*. Ano ang akmaang tawag nito?
  - demand function*
  - demand schedule*
  - demand*
  - demand curve*

*Demand Schedule* para sa Kendi

Presyo (sa piso)	<i>Quantity Demanded</i> (sa piraso)
Php 5.00	10
4.00	20
3.00	30
2.00	40
1.00	50

4. Batay sa *demand schedule* para sa kendi, aling ugnayan sa presyo at pirasong kendi ang ipinapahiwatig nito?
  - A. pinakamababang presyo (1.00), pinakamarami ang mabibili (50)
  - B. pinakamataas na presyo (5.00), pinakamaliit ang mabibili (10)
  - C. bumaba ang presyo (5.00-1.00), dumami ang mabibili (10-50)
  - D. Lahat a, b at c
  
5. Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami ng gusto at kayang bilhin; at kapag bumaba ang presyo, tataas naman ang dami ng gusto at kayang bilhin, aling batas ang angkop dito?
  - A. Batas ng *Demand*
  - B. Batas ng Supply
  - c. Batas Republika Blg.6657
  - d. Batas ng Demand at Supply
  
6. Kapag ang isang produkto ay nauuso maraming mamimili ang napapagayangbumili nito dahil sa pagtaas ng presyo. Anong salik ang nakaaapekto ng *demand*?
  - A. kita
  - B. panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. inaasahan ng mamimili
  
7. Marami sa mga konsyumer ang nag-*panic buying* sa dahilang may daratingna malakas na bagyo. Anong salik ang nakaaapekto sa *demand*?
  - A. Panlasa
  - B. dami ng mamimili
  - c. inaasahan ng mamimili
  - d. presyo ng makgkakaugnay na produkto
  
8. Marami ang nahihikayat bumili ng isang produkto kapag marami ang tumatangkilik nito. Alin sa nasa ibaba ang patunay sa pangungusap na ito?
  - A. Maaari ding magpataas ng *demand* ang *bandwagon effect*.
  - B. Kapag uso ang isang uri ng produkto tataas ang *demand* nito dahil maramisa mga mamimili ang gustong makisabay sa uso.
  - C. Nahihikayat ang mga mamimili kapag marami ang bumibili sa isang produkto.
  - D. Lahat ng nabanggit.
  
9. Si Mang Elmo ay nagkaroon ng disenteng trabaho na may mataas na sahod. Kaya ng kanyang pamilya na tustusan ang kanilang pangangailangan. Alin sa sumusunod na salik ang nakaaapekto sa *demand*?
  - A. Kita
  - B. Panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. inaasahan ng mga mamimili
  
10. Anong salik na nakaaapekto sa *demand*, kung ang isang produkto o serbisyo ay naayon sa indibidwal na kagustuhan o pantikim ng mamimili?
  - A. kita
  - B. panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. presyo ng magkakaugnay na produkto

## Aralin

# 1

# Mga Konsepto at mga Salik na Nakaaapekto sa *Demand*



## *Balikan*

### Gawain 1: Basahin Ko, Idugtong Ko!

Panuto: Hanapin ang katumbas o kasingkahulugan sa bawat konseptong naibigay. Pagdurugtungin ang mga ito sa pamamagitan ng guhit. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Karapatan

pribilehiyo  
responsibilidad  
gawain

2. Tungkulin

pribilehiyo  
responsibilidad  
gambanin


3. Mamimili

prodyuser  
konsyumer  
mangangalakal



## Tuklasin

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba sa pamamagitan ng pag-unawa sa mensaheng nais ipahiwatig ng bawat *bubble map*. Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba at isulat sa isang sagutang papel ang tamang sagot.



### Gawain 2: E-Bubble Hub Ko

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga sumusunod na konsepto ang ipinahiwatig ng *bubble map*?

- |         |            |           |                    |
|---------|------------|-----------|--------------------|
| a. Kita | b. Panlasa | c. Presyo | d. Lahat a, b at c |
|---------|------------|-----------|--------------------|

a. Alokasyon	b. <i>Demand</i>	c. Kita
d. Pagkonsumo	e. Pinagkukunang-yaman	f. <i>Supply</i>

2. Pumili ng isang salita mula sa kahon na nasa itaas. Anong konsepto ng Ekonomiks ang ipinahiwatig ng *bubble thought*?





## **Suriin**

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa aralin, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain na inihanda upang maging batayan mo ng impormasyon. Inaasahan na magagabayan ka ng mga inihandang gawain at teksto na masagot kung bakit mahalagang maitaguyod ang konsepto ng *demand* at mga salik na nakaaapekto nito. Halika at umpisahan na ang masayang pagbabasa at pag-unawa sa paksa.

### **A. Konsepto ng Demand**

#### **Kahulugan ng Demand**

Ang *demand* ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyong nais at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

#### **Ang Batas ng Demand**

Ayon sa Batas ng *Demand*, kapag mababa ang presyo, mataas ang *demand*. Kapag mataas ang presyo, mababa ang *demand*.

Ang *ceteris paribus* ay nagangahulugang ipinagpalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng *quantity demanded*, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.

Isang halimbawa nito ay ang pagtaas at pagbaba ng presyo ng bigas sa pamilihan. Ang bigas ay isa sa pangunahing pangangailangan. Ang pagtaas ng presyo nito ay may malaking epekto sa mamimili. Hindi kaya ng isang ordinaryong mamimili na bumili ng bigas na may mataas na presyo. Hahanap siya ng mas mura tulad ng *NFA rice* na ang presyo ay mababa bawat kilo.


May tatlong pamamaraan sa pagpapakita ng konsepto ng *demand*.

1. **Iskedyul ng Demand (Demand Schedule).** Ang *demand schedule* ay isang talaan na nagpapakita ng *inverse* (di- tuwiran) na ugnayan ng presyo at *quantity demanded*.

Hal. *Demand Schedule* para sa Kendi

Presyo (sa piso)	<i>Quantity Demanded</i> (sa piraso)
Php 5.00	10
4.00	20
3.00	30
2.00	40
1.00	50

2. **Kurba ng Demand (Demand Curve).** Ang *demand curve* ay isang grapikong paglalarawan ng d-tuwirang ugnayan ng presyo at *quantity demanded*.



Ang *graph* sa itaas ay batay sa *demand schedule* na nasa talahanayan. Kung ilalapat sa *graph* ang iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at *quantity demanded (qd)* ay mabubuo and *demand curve* para sa kendi. Halimbawa, sa punto A na nag presyo ay limang piso (Php 5.00), sampu (10) ang dami ng kendi na gusto at handang bilhin ng mamimili; sa punto B na ang presyo ay apat na piso (Php 4.00), dalawampu (20) ang dami ng kendi na gusto at handing bilhin ng mamimili. Malinaw na inilalahad na kapag mataas ang presyo ay mababa ang *quantity demanded (qd)* pero kapag mababa ang presyo tataas naman ang *quantity demanded (qd)*.

3. **Demand Function.** Ang *demand function* ay isang matematikong pamamaraan na nagpapakita ng magkasalungat na ugnayan ng presyo at *quantity demanded*. Maari itong ipakita sa *equation* na:

$$Qd = f(P)$$

Ang *Qd* o *quantity demanded* ang tumatayong *dependent variable*, at ang presyo (P) naman ang *independent variable*. Ibig sabihin, nakabatay ang *Qd* sa pagbabago ng presyo. Ang presyo ang nakapagpapabago sa dami ng handa at kayang bilhin ng mga mamimili. Isa pang paraan ng pagpapakita ng *demand function* ay sa *equation* na:

$$Qd = a - bP$$

Kung saan: *Qd* = *quantity demanded*

*P* = presyo

*a* = *intercept* (ang bilang ng *Qd* kung ang presyo ay 0)

*b* = slope =  $\frac{\Delta Qd}{\Delta P}$

Saan:  $\Delta Qd = Qd_{60} - Qd_{10}$

:  $\Delta P = P_5 - P_1$

Nagpakita ang *slope* ng pagbabago sa *quantity demanded* sa bawat pisong pagbabago sa presyo.

Upang mapatunayan na ang datos sa *demand schedule* sa itaas at ang *demand function* ay iisa, suriin at pag-aralan ang komputasyon sa ibaba.

*Demand Function* mula sa *Demand Schedule* para sa kendi:

$Q_d = 60 - 10P$	
Kapag ang $P = 1$ $Q_d = ?$	Kapag ang $P = 5$ $Q_d = ?$
$Q_d = 60 - 10P$	$Q_d = 60 - 10P$
$Q_d = 60 - 10(1)$	$Q_d = 60 - 10(5)$
$Q_d = 60 - 10$	$Q_d = 60 - 50$
$Q_d = 50$ piraso	$Q_d = 10$ piraso

Gamit ang *demand function* ay maaring makuha ang dami ng *quantity demanded*. I-substitute (palitan) ang presyo na piso sa *variable* na P at I-multiply ito sa *slope* na 10. Ang makuhang sagot ay ibabawas sa 60. Mula rito ay makukuha ang sagot na 50 (piraso) na *quantity demanded*. Sa ikalawang halimbawa naman ay Php5.00 ang presyo kaya ang naging *quantity demanded* ay 10 piraso.


## B. Mga Salik na Nakaaapekto sa Demand

Hindi lamang presyo ang nakaaapekto sa demand. Ang demand ay naaapektuhan din ng mga di-presyong salik gaya ng:

- **Kita.** Ang pagbabago sa kita ng tao ay maaaring makapagbabago ng *demand* para sa isang partikular na produkto. Sa pagtaas ng kita ng isang tao, tumataas ang kaniyang kakayahan na bumili ng mas maraming produkto. Gayundin naman, sa pagbaba ng kita, ang kaniyang kakayahang bumili ng produkto ay nababawasan. Ang *normal goods* ay nangangahulugang dumadami ang *demand* sa produkto dahil sa pagtaas ng kita. Samantalang ang *inferior goods* ay mga produktong tumataas ang *demand* kasabay sa pagbaba ng kita.
- **Panlasa.** Karaniwang naayon sa panlasa ng mamimili ang pagpili ng produkto at serbisyo. Kapag ang isang produkto o serbisyo ay naayon sa panlasa, maaring tumaas ang demand. Ang pagkahilig ng mga Pilipino sa mga *imported products* ang isa sa dahilan kung bakit mataas ang demand sa mga ito. Ang pagkasawa sa isang produkto ay dahilan din ng pagbabago ng demand ng mamimili. Dito pumapasok ang prinsipyo ng *diminishing utility* kung saan ang kabuuang kasiyahan ng tao ay tumataas sa bawat pagkunsumo ng produkto, ngunit kapag ito ay nagkasunod-sunod, ang karagdagang kasiyahan o *marginal utility* ay paliit ng paliit bunga ng pag-abot sa pagkasawa sa pagkonsumo ng isang produkto kaya ang *demand* sa produkto ay bumababa.
- **Dami ng mamimili.** Maaari ding magpataas ng *demand* ng indibidwal ang tinatawag na *bandwagon effect*. Isa itong uri ng panghihikayat ng tao sapamamagitan ng pagpapaniwala sa mga ito na ang masa ay tumatangkilik at gumagamit na ng kanilang produkto o serbisyo. Sa pagkahilig ng tao na makisabay sa uso o

bumili ng bagay na kanais-nais dahil marami na ang bumili nito, nangyayari ang *bandwagon effect*. Dahil ang mga tao ay nakakakuha ng impormasyon mula sa iba at nais na sumunod at makiuso maraming ng mga patalastas sa radyo at telebisyon ang gumagamit nito upang manghimok ng mamimili. Dahil sa dami ng bumibili ng isang produkto, nahihikayat ang iba na mamili.


- **Presyo sa magkaugnay na produkto sa pagkonsumo.** Magkaugnay ang mga produkto sa pagkonsumo kung ito ay komplementaryo o pamalit sa isa't isa. Komplementaryo (*complementary*) ang mga produkto kapag sabay na ginagamit ang mga ito. Samantala, pamalit o *substitute* naman ang tawag sa mga produktong maaaring magkaroon ng alternatibo.
- **Inahasahan ng mga mamimili sa presyo sa hinaharap** - kung inaasahan ng mga mamimili na tataas ang presyo ng isang partikular na produkto sa susunod na araw o linggo, asahan na tataas ang demand ng nasabing produkto sa kasalukuyan habang mababa pa ang presyo. Ang *panic buying* ay isang sitwasyon at pag-uugali ng mga tao sa isang lugar kung saan ay bumibili sila ng halos lahat ng uri ng produktong pagkain sa isa o higit pang pagkakataon sa pag-aakalang mauubusan sila marahil sa banta ng kakulangan ng supply. Nangyayari ito sa mga lugar na madalas tamaan ng likas na kalamidad o mga gawang-taong kalamidad tulad ng digmaan. Sa mga lugar sa Pilipinas halimbawa, nagkakaroon ng *panic buying* sa tuwing may paparating na bagyo. Dinadamihan nila ang kanilang mga bibilhing pagkain upang kahit pa magtagal ang kawalan ng suplay ay tiwasay pa sila at ang buong pamilya.



## Pagyamanin


### Gawain 3: “Paka-Hulugan Ko”

Panuto: Balikan mo ang bahaging suriin. Ibigay ang kahulugan sa konsepto na nasa loob *arrow*. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.



**Gawain 4: Graphic Organizer**

Panuto: Balikan mo ang bahaging suriin, titik B. Punan ang *graphic organizer* batay sa limang (5) di-presyong salik na nakaaapekto sa *demand*. Sa bawat salik magbigay ng isang halimbawang sitwasyon na iyong nararanasan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.





# Isaisip



## Gawain 5: “Kahon Ko, Punan Ko”

Panuto: Punan ang patlang sa bawat bilang upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. Gawing batayan ang mga konseptong masusi mong pinag-aralan sa bahaging **Suriin** (pahina5-8).


Tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na nais at kayang bilhin ng mamimili sa iba’t ibang presyo sa isang takdang panahon ang konsepto ng (1.) \_\_\_\_\_ na iyong pinag-aralan sa modyul na ito. Kapansin-pansin na ang ugnayan sa pagitan ng presyo at dami ng demand ay (2.) \_\_\_\_\_. Isinasaad ito sa Bata ng **Demand, gamit ang** \_\_\_\_\_ *assumption* na (7.) \_\_\_\_\_ - ipinagpalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng quantity demanded, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.

May **tatlong pamamaraan** upang ipakita ang ugnayang ito.

Maliban sa presyo, may mga **di-presyong salik** din na nakaaapekto sa demand.



- (11.) \_\_\_\_\_
- (12.) \_\_\_\_\_
- (13.) \_\_\_\_\_
- (14.) \_\_\_\_\_
- (15.) \_\_\_\_\_



## Isagawa

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtibayain mo bilang mag-aaral ang mga nabuo mong kaalaman tungkol sa konsepto ng *demand* at mga salik na nakaapekto rito. Mahalaga ang mga kaalamang iyong natamo hinggil sa paksa upang maihanda ang iyong sarili upang magkaroon ng matalinong pagdedesisyon sa pagtugon ng iyong mga pangangailangan at kagustuhan.

### Gawain 6: Demand Reading

Panuto: Lagyan ng (✓) ang kolum ng sang-ayon, kung naniniwala ka na **TAMA** ang pahayag ukol sa konsepto ng *demand* at lagyan ng (X) ang kolum ng hindi- sang ayon kung ito ay **MALI**. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pahayag	Sang-ayon	Hindi sang-ayon
1. Ang demand ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.		
2. Ang ugnayan ng presyo at <i>quantity demanded</i> ay maaring ipakita gamit ang <i>demand schedule</i> , <i>demand curve</i> at <i>demand function</i> .		
3. Ayon sa Batas ng <i>Demand</i> , ang presyo at <i>quantity demanded</i> ay mayroong tuwirang relasyon.		
4. Ang panlasa ay karaniwang naaayon sa panlasa ng mamimili ang pagpili ng produkto at serbisyo. Kapag ang isang produkto o serbisyo ay naaayon sa panlasa, maaring tumaas ang <i>demand</i> para dito.		

### Gawain 7: Demand Up, Demand Down

Panuto: Ipakita ang pagbabagong magaganap sa *demand* para sa isang produkto batay sa mga pagbabago ng sumusunod na salik. Isulat ang ↑ kung tataas ang *demand* at ↓ kung bababa ang *demand*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. *Bandwagon effect*, mabilis na pagdami ng populasyon (potensyal na demand).
- \_\_\_ 2. Paglaki ng kita (nakatuon sa *normal goods*).
- \_\_\_ 3. Pagbaba ng kita (nakatuon sa *income goods*).
- \_\_\_ 4. Pagiging lipas sa uso ng isang produkto.
- \_\_\_ 5. Inasahan ng mga mamimili na tataas ang presyo.
- \_\_\_ 6. Pagbaba ng presyo ng produktong komplementaryo.
- \_\_\_ 7. Pagtaas ng presyo ng produktong pamalit.
- \_\_\_ 8. Inasahan ng mga mamimili na bababa ang presyo.
- \_\_\_ 9. Pagtaas ng presyo ng produktong komplementaryo.
- \_\_\_ 10. Pagbaba ng presyo ng produktong pamalit.



## Tayahin

Panuto: Ngayon ay subukin mo ang lahat na nalaman at naunawaan mo tungkol sa modyul na ito. Basahin at unawain ang tanong o pahayag at piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik sa iyong sagutang papel.


1. Anong salik na nakaapekto sa *demand*, Kung naaayon ang pandesal sa iyong pandama bilang pang-almusal, mas marami ang makakain mo nito kesa sa ensaymada?
  - a. kita
  - b. panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. presyo ng magkakaugnay na produkto
2. Si Mang Juan ay nakapasok ng trabaho sa isang malaking kompanya na mataas ang sahod, kaya niyang tustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Alin sa sumusunod nasalik ang nakaapekto sa kanilang demand?
  - a. kita
  - b. panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. inaasahan ng mga mamimili
3. Inilalarawan nito ang opposite na ugnayan ng *quantity demanded* at ng *presyo*? Ano ang tawag sa grapikong paglalarawan na ito?
  - a. *demand function*
  - b. *demand schedule*
  - c. *demand curve*
  - d. *demand curve*

Presyo (sa piso)	<i>Quantity Demanded</i> (sa piraso)
Php 5.00	10
4.00	20
3.00	30
2.00	40
1.00	50

4. Sa talahanayan na nasa itaas, batay sa *demand schedule* para sa kendi, alingugnayan sa presyo at piraso ng kendi ang ipinapahiwatig nito?
  - a. pinakamababang presyo (1.00), pinakamarami ang mabibili (50)
  - b. pinakamataas na presyo (5.00), pinakamaliit ang mabibili (10)
  - c. bumaba ang presyo (5.00-1.00), dumami ang mabibili (10-50)
  - d. Lahat ng nabanggit



5. Kapag mababa ang presyo ng isang produkto, mataas ang demand nito. Subalit kapag mataas ang presyo ng isang produkto, mababa ang demand nito. Aling batas ang angkop dito?
  - a. Batas ng *Demand*
  - b. Batas ng *Supply*
  - c. Batas Republika Blg.6657
  - d. Batas ng Demand at Supply
  
6. Kapag ang produkto ay patok sa maraming konsyumer ang napapagaya sa pagbili nito ay dahilan sa pagtaas ng presyo. Aling salik *demand* ang nagpapatunay dito?
  - a. kita
  - b. panlasa
  - c. dami ng mamimili
  - d. inaasahan ng mamimili
  
7. Sa isang komunidad, ang mga mamimili ay nag-uunahang bumili ng mga produkto dahil may paparating na bagyo. Alin salik ang nasa ibaba ang may higit na impuwensiya sa *demand*?
  - a. panlasa
  - b. dami ng mamimili
  - c. inaasahan ng mamimili sa presyo sa hinaharap
  - d. presyo ng makagkakaugnay naprodukto
  
8. Nakaka-engganyo na bumili ng isang produkto kapag marami ang bumibili nito, si Aling Rosa ay nahikayat na bumili rin. Aling mga pangungusap ang nagpapatunay nito?
  - a. Maaari ding magpataas ng demand ang *bandwagon effect*.
  - b. Kapag uso ang isang uri ng produkto tataas ang *demand* nito dahil marami sa mga mamimili ang gustong makisabay sa uso.
  - c. Nahihikayat ang mga mamimili kapag marami ang bumibili sa isang produkto.
  - d. Lahat ng nabanggit.
  
9. Aling konsepto ng *demand* ang nagpapakita ng matimatikong ugnayan ang presyo at *quantity demanded*?
  - a. *demand curve*
  - b. *demand function*
  - c. *demand slide*
  - d. *demand schedule*
  
10. Anong salita ang tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyong nais at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon?
  - a. alokasyon
  - b. *demand*
  - c. pagkonsumo
  - d. *supply*



## Karagdagang Gawain

Narito ang halimbawa ng *demand schedule*. Nakatala ang presyo ng *buko juice* at ang *quantity demanded*. Mula sa *demand schedule* na ito gawan mo ng *graph* na nagpapakita ng *demand curve* at kompyutin ang *demand function*.

*Demand Schedule* para sa baso ng buko juice


Presyo Bawat Baso	Quantity Demanded
5.00	5
4.00	10
3.00	15
2.00	20
1.00	25

E-Graph Kol


Lagyan ng wastong sagot ang bawat tanong gamit ang *formula* na ito at ipakita ang solusyon;

$Q_d = f(P)$ . Isulat sa gutang papel ang tamang sagot.


1. Kapag ang  $P = 1.00$ ;  $Q_d = \underline{\quad}$ ? ; Solusyon:
2. Kapag ang  $P = 2.00$ ;  $Q_d = \underline{\quad}$ ? ; Solusyon:
3. Kapag ang  $P = 3.00$ ;  $Q_d = \underline{\quad}$ ? ; Solusyon:
4. Kapag ang  $P = 4.00$ ;  $Q_d = \underline{\quad}$ ? ; Solusyon:
5. Kapag ang  $P = 5.00$ ;  $Q_d = \underline{\quad}$ ? ; Solusyon:



# Susi sa Pagwawasto

3.  $P = 3$   $Qd = ?$   
 $Qd = 30 - 5(P)$   
 $= 30 - 5(3)$   
 $= 30 - 15$   
 $= 15$   
 4.  $P = 4$   $Qd = ?$   
 $Qd = 30 - 5(P)$   
 $= 30 - 5(4)$   
 $= 30 - 20$   
 $= 10$   
 5.  $P = 5$   $Qd = ?$   
 $Qd = 30 - 5(P)$   
 $= 30 - 5(5)$   
 $= 30 - 25$   
 $= 5$

**Karagdagang Kasagutan sa Gawain**  
 1.  $P = 1$   $Qd = ?$   
 $Qd = 30 - 5(P)$   
 $= 25$   
 2.  $P = 2$   $Qd = ?$   
 $Qd = 30 - 5(P)$   
 $= 30 - 5(2)$   
 $= 30 - 10$   
 $= 20$



**Tayahin**  
 1.b  
 2.a  
 3.d  
 4.d  
 5.a  
 6.c  
 7.c  
 8.d  
 9.b  
 10.b

**Isagawa**  
 Gawain 6  
 1. ✓  
 2. ✓  
 3. X  
 4. ✓  
 Gawain 7  
 1. ↑  
 2. ↑  
 3. ↑  
 4. ↑  
 5. ↑  
 6. ↑  
 7. ↑  
 8. ↑  
 9. ↑  
 10. ↓

**Isaisip**  
*Gawain 5: Kahon ko Punan ko*  
 1. demand  
 2. inverse/ magkasalungat/ di-tuwiran  
 3. presyo  
 4. demand  
 5. presyo  
 6. demand  
 7. ceteris paribus  
 8. demand function  
 9. demand schedule  
 10. demand curve  
 11. kita  
 12. panlasa  
 13. dami ng mamimili  
 14. presyo ng magkakaugnay na produkto sa pagkonsumo  
 15. inaasahan ng mamimili sa hinaharap

**Pagpamamini**  
 Gawain 3: Paka-Hulugan Ko  
 Demand Curve- ito ay isang grapikong paglalarawan ng presyo ng bilihan at demand. *Demand Schedule- ito ay isang talaan na nagpapakita ng bilang ng isang produkto batay sa inilaang presyo.*

**Balikan**  
 Gawain 1: Basahin Ko,  
 1. responsibilidad  
 2. gampamin  
 3. konsumer  
**Tuklasin:**  
 Gawain 2: E-Bubble Hub  
 1.d  
 2.b

**Subukin**  
 1.b  
 2.b  
 3.d  
 4.d  
 5.a  
 6.c  
 7.c  
 8.d  
 9.a  
 10.b

## **Sanggunian**

Balitao, Bernard R., et. al., EKONOMIKS, Araling Panlipunan (Modyulpara sa mga Mag-aaral), Unang Edisyon: *DepEd*: 2015, pp120- 123

Superal, Victoria, Ekonomiks, “*Grade 10- Unit 2 Aralin 1 -Iba PangSalik Na Nakakaapekto sa Demand*”, 2015.

Slideshare.net. “Iba-pang-salik-na-nakakaapekto-sa-demand”.

Accessed *May* 16, 2015.

[https://www.slideshare.net/vickysuperal/iba-pang-salik-na-nakakaapekto-sa-demand-maliban.](https://www.slideshare.net/vickysuperal/iba-pang-salik-na-nakakaapekto-sa-demand-maliban)

“ANG KONSEPTO NG *DEMAND*; Araling Panlipunan 9.” n.d.

Techpopop. Accessed November 6, 2020.

<https://www.techpopop.com/2015/08/ang-konsepto-ng-demand-araling.html>.

Sites.google.com. “Mahalagang Konsepto Ng Ekonomiks - Kahulugan Ng Ekonomiks.”. Accessed November 6, 2020.

[https://sites.google.com/site/kahuluganngekonomiks/services/](https://sites.google.com/site/kahuluganngekonomiks/services/mahalagang-konsepto-ng-ekonomiks) mahalagang-konsepto-ng-ekonomiks.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)